

Ika-30 ng Setyembre, 2022

Magandang hapon, mga Pamilya at Kawani ng ASD,

Masayang Biyernes! Sumusulat ako sa inyo na may paniniwala na ang lahat ay mabuti habang tayo'y naghahandang lumipat sa [transportation cohort three](#) sa Lunes, Oct. 3.

Nagsisimula tayong umani ng mga benepisyo ng isang matatag na programa sa pagsasanay; bawat linggo nagkakaroon tayo ng momentum habang nakakakuha tayo ng marami pang mga drayber at naibabalik ang mga ruta.

Halimbawa, sa susunod na linggo o higit pa, inaasahan natin na hanggang **siyam na bagong ruta** ang idadagdag. Sa ngayon, 172 sa 228 na mga ruta ang nasa buong serbisyo. Mahigit sa 30 na mga drayber ang kasalukuyang nasa pagsasanay. Sa tuwing magdadagdag ng mga ruta, ito ay isang pagbabalik ng permanenteng transportasyon sa isang grupo ng mga sumasakay at kaluwagan sa pagsisikip ng trapiko sa lugar iyon sa komunidad.

Sa Lunes, kapag [tayo'y lumipat sa cohort three](#), dapat asahan ng mga drayber ang mas mabigat na trapiko sa paligid ng Begich, Wendler, Goldenview, Roming, at Hanshew middle schools, kasama ang Bartlett, Service, East, West, at South high schools. Kung maaari, ang mga miyembro ng kominidad sa pangkalahatan ay dapat na umiwas sa mga lugar na ito sa mga oras ng paghatid at pagsundo (7:30 am hanggang 8:15 am at 2:30 pm hanggang 2:45 pm).

Kami ay umaasa na malapit na ang isang pagtatapos ng sistema ng cohort sa Oktubre. Sa kasamaang-palad ay magkakaroon ng pagpigil sa direksyon na ito. Ito ay isang pagkaantala ngunit hindi isang pagkatalo. Mayroon tayong malaking grupo sa pagsasanay, tumatanggap pa rin tayo [ng mga aplikasyon](#) para sa mga drayber ng bus, at ang mga insentibo sa pagkuha ay nakatalaga.

Mula nang magsimula ang kakulangan sa drayber, ang Distrito ay nagpapalano sa kinabukasan upang maiwasan ang isang katulad na senaryo ng kakulangan sa drayber. Ikinagagalak kong ibahagi sa mga darating na linggo na magpapatupad kami ng bagong software sa pagruruta na magtitiyak ng mga kahusayan sa pagpapatakbo.

Ang iba pang pangmatagalang solusyon na isasaalang-alang namin ay kinabibilangan ng mas mahusay na mga kasanayan sa pagsasama para sa mga sakay at isang posibleng pagbabago sa mga oras ng pagsisimula/paghinto ng paaralan sa susunod na taon ng paaralan na magresulta sa napakalaking kahusayan.

Ang lahat ng mga ito ay kapana-panabik na mga pagbabago. Ang ilan ay darating nang mas maaga; ang ilan ay matatagalan.

Salamat sa paggawa ng iyong bahagi upang matulungan ang mga mag-aaral na makarating at makalabas sa paaralan. Ang Setyembre ay **Attendance Awareness Month** Sa linggong ito, ang ating pang araw-araw na attendance rate ay nasa 91%, mula sa 87% noong nakaraang taon. Ang porsyento ng mga mag-aaral na kadalasang pumapasok sa 90% ng oras ay nadagdagan mula sa 54% ng nakaraang taon hanggang sa 68% ngayong taon ng pag-aaral.

Pinahahalagahan ko ang inyong pagsisikap at suporta sa ating mga mag-aaral. Sana'y magkaroon kayo ng magandang katapusan ng linggo!

Taos-puso,

Jharrett Bryantt, Ed.D.
Superintendente
Anchorage School District